



ANTAS NG ESTRATEHIYA SA PAGTUTURO NG KOMPREHENSYON SA PAGBASA NA MAY KAUGNAYAN SA AKADEMIKONG PAGGANAP: BATAYAN SA PAGLINANG NG KASANAYAN

Sarah Mae A. Toga, Raymund L. Santiago, PhD
La Carlota City College, La Carlota City, Negros Occidental, Philippines

Article DOI: <https://doi.org/10.36713/epra20528>

DOI No: 10.36713/epra20528

ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito na pinamagatang *Antas ng Estratehiya sa Pagtuturo ng Komprehensyon sa Pagbasa na may Kaugnayan sa Akademikong Pagganap: Batayan sa Paglinang ng Kasanayan* ay naglalayong malaman ang relasyon ng mga estratehiya ng mga guro sa pagtuturo ng komprehensyon sa pagbasa at akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa General Academic Track o GAS. Ang natuklasan ng pag-aaral na ito ay maaaring makatulong sa Kagawaran ng Edukasyon upang mas mapabuti ang kalidad ng pagtuturo, gayundin ang pagpapahusay ng akademikong pagganap ng mag-aaral. Ang mananaliksik ay nangasiwa ng pag-aaral gamit ang sampling na populasyon na may bilang na dalawampu (20) ng mga kalahok na nasa Baitang 11 ng GAS. Sa karagdagan, ang akademikong pagganap ng Baitang 11 na mag-aaral ay nagbase sa kanilang marka sa asignaturang Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino sa Unang Semestre ng Taong Panuruan 2022-2023. Napag-alamang napakataas ang natamo ng mga mag-aaral sa kabuoang estratehiya ng pagtuturo ng komprehensyon. Napag-alaman din na pinakatatangi ang akademikong pagganap ng mag-aaral sa General Academic Strand. Napag-alaman na walang makabuluhang pagkakaugnay sa pagitan ng mga estratehiya sa pagtuturo ng komprehensyon at ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa GAS na kinuha bilang kabuoan sa kanilang pag-aaral at pag-unawa ng kanilang binasa na nangangahulugan na ang null hypothesis ay nabigong tanggihan. Napag-alaman din na walang makabuluhang pagkakaugnay sa pagitan ng mga estratehiya sa pagtuturo ng komprehensyon at ng akademikong pagganap. Ipinahihiwatig nito na anuman ang pag-unawa sa pagtuturo na isinagawa ng mga guro ay nagawa o natutunan pa rin ng mga mag-aaral sa paaralan. Inerekomenda ng mananaliksik ang paggawa ng vocabulary booklet upang malinang ang komprehensyon ng mga mag-aaral at ang pagdalo ng mga guro sa iba't ibang pagsasanay upang makatuklas ng bagong estratehiya sa pagtuturo ng komprehensyon.

KEYWORDS: *Estratehiya, Komprehensyon, Pagtuturo, Akademikong Pagganap*

PANIMULA

Ang komprehensyon sa pagbasa ay ipinaliwanag bilang kakayahan na maunawaan kung ano man ang binasa. Ang pag-unawa ay may kaakibat na mga estratehiya na ginagamit ng mga mag-aaral sa pag-aaral nang mag-isa. Ang mga guro ay nakapokus sa mga susi sa kakayahang pang-komprehensyon. Ito ay paghihinuha, paghuhula, paghahambing at pagtukoy ng pagkakaiba, pagsusunod-sunod, at pagbubuo. Ang mga estudyante ay nag-aaral kung paano gagamitin ang mga estratehiyang ito sa mga maliit na grupo na ginagabayan ng guro. Dagdag pa, ang pagkakaroon ng interes sa pagbasa ay nakatutulong upang mas mahasa ang kasanayan sa pagbasa nang may pang-unawa. Ang sentro ng pagbasa ay magsisilbing daluyan sa mabuting pagpapabasa. Nakapupukaw ito ng damdamin sa mambabasa (Fradila at Sunarti, 2022).

Inisa-isa naman ni Hebert (2019), ang sampung dahilan kung bakit kailangang araw-araw na ginagawa ang pagbasa. Una, ito ay nakatutulong sa mental na simulasyon. Ikalawa, nakababawas ng mga alalahanin. Ikatlo, nagbibigay kaalaman ang pagbabasa. Ikaapat, ito ay nagpapalawak sa kaalaman sa bokabularyo. Ikalima, sa tulong nito ito ay nakapagpapatalas ng memorya. Ikaanim, nagpapalakas din ito ng analitikal na kakayahan sa pag-iisip. Ika-pito, nakatutulong ito upang magkaroon ng pokus at konsentrasyon ang isang tao. Ikawalo, pinagbubuti nito ang kakayahan sa pagsusulat. Ika-siyam, nagbibigay ito ng kapahingahan at kapayapaan sa mambabasa at ika-sampung, nagdudulot ito ng libreng libangan sa mga taong nagbabasa. Batay sa mga magandang dulot ng pagbabasa, tunay nga na ang gawaing ito ay hindi lamang basta nakasanayang gawain bagkus nagbibigay ito ng maraming benepisyo sa tao na dapat na binibigyang diin sa paaralan upang higit na mahikayat ang mga mag-aaral na bumasa.



Sa panahon ngayon, maraming mag-aaral ang may kahirapan sa pag-unawa ng mga teksto na nagiging dahilan sa kawalan ng interes sa pag-aaral. Ilang halimbawa ay ang pagbabasa ng mga babasahin, gamit ang ibang lenggwahe o midyum kung saan hindi masyadong nauunawan sapagkat hindi ito ang nakasanayang wika. Ang mga problema sa pag-unawa sa pagbabasa ay kadalasang nangyayari dahil sa kakulangan ng karanasan at kaalaman ng mga mag-aaral. Ang mga tungkulin sa pag-unawa sa pagbabasa ay maaaring maglagay ng napakalaking puwersa sa kapasidad ng memorya ng isang mag-aaral lalo na kung ito ay may mga mahihirap na kasanayan sa wika. Ang mga mag-aaral ay palaging nakikibuno sa alinman o sa lahat ng apat na mga suliranin sa pagtatasa ng komprehensyon: kahirapan sa pagsusubaybay sa pag-unawa habang nagbabasa, kahirapan sa pag-unawa sa mga kontekstong di-pamilyar, kahirapan sa pag-unawa sa mga espesyal na termino at konsepto, at kahirapan sa pag-unawa ng mga pamilyar na mga salita na ginamit sa mga hindi karaniwang pamamaraan.

Kaugnay nito, makatutulong ang isinagawang pag-aaral ng mananaliksik na matugunan ang mga layunin na may kaugnayan sa komprehensyon ng mag-aaral. Sa tulong ng pag-aaral na ito, maipapakita ng mananaliksik ang antas ng estratehiya sa pagtuturo ng komprehensyon sa paglinang ng kasanayan at akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa General Academic Strand o GAS at maging sa iba pang mga strand sa Senior High School.

Paglalahad ng Suliranin

Ang pag-aaral na ito ay naganais na matukoy ang kaugnayan ng antas ng mga estratehiya sa pagtuturo ng komprehensyon sa pagbasa at akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa General Academic Strand ng Baitang 11 ng Mataas na Paaralang Pambansa ng Sum-ag- Senior High sa Taong Panuruan 2022-2023.

Ang pananaliksik na ito ay may layuning bigyan ng kasagutan ang mga sumusunod na katanungan:

1. Anu-ano ang mga estratehiya sa pagtuturo ng komprehensyon sa pagbasa sa mga mag-aaral sa General Academic Strand kung ipapangkat ayon sa:
 - a. Pagsubaybay ng Komprehensyon
 - b. Metakognisyon
 - c. Mga Graphic at Semantic Organizer
 - d. Pagsagot ng Katanungan
 - e. Pagbuo ng mga Tanong
 - f. Pagkilala ng Elemento ng Kuwento
 - g. Pagbuod
2. Ano ang antas ng mga estratehiya ng pagtuturo ng komprehensyon ng pagbasa nga mga mag-aaral sa General Academic Strand?
3. Ano ang antas ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa General Academic Strand?
4. May makabuluhang pagkakaugnay ba ang antas ng mga estratehiya sa pagtuturo ng komprehensyon sa pagbasa at akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa General Academic Strand kung kukunin bilang kabuuan at kung ipapangkat ayon sa

pagsubaybay sa komprehensyon, metakognisyon, mga graphic at semantic organizer, pagsagot ng katanungan, pagbuo ng mga tanong, at pagkilala ng elemento ng kuwento?

MGA KAUGNAY NG LITERATURA AT PAG-AARAL

Ang pag-aaral na ito ay pagkilala sa antas ng estratehiya sa pagtuturo ng komprehensyon sa pagbasa na kaugnay sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral na dinadala sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga sapat na ebidensya sa pagtatagumpay ng hangarin.

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng mga pag-aaral at literaturang may tiyak na kaugnayan sa ginawang pag-aaral ng mananaliksik.

Ang Komprehensyon sa Pagbasa sa Pilipinas

Ang Pilipinas ang pinakamababa sa pagbabasa ng pag-unawa sa mga pitompu't siyam (79) kalahok na bansa sa 2018 *Program for International Student Assessment (PISA)*, sabi ng isang ulat na inilabas kamakailan. Ang impormasyon ay nagtulak sa isang nakakaakit na pag-uusap sa mga grupong akademya at karununganang sumulat na nauukol sa nakalulungkot na rating sa kawalan ng kaalaman ng mga guro, mahirap o kakulangan ng mga materyales sa pagbasa sa maraming mga paaralan sa buong bansa at mababang katayuan sa sosyo-ekonomiko ng mga mag-aaral. Walang nag-uusap o nagtataas ng tanong: Natuturo ba ang pag-unawa sa pagbabasa sa ating mga paaralan? Adan (2019)

Ayon sa PhilStar Global (2019), ang kaakibat ng bansa ng *International Literacy Association* ay nagsabi din na ang mga kadahilanan ng sosyo-ekonomiko ay nilalaro, lalo na sa binibigkas na kakulangan ng mga materyal na pang-edukasyon lalo na sa mga liblib na lugar ng kapuluan. At ang kakulangan ng mga aklat ay isa lamang sa maraming mga pagpapakita ng kahirapan sa sektor ng edukasyon.

Ayon sa Asian Journal (2019), upang mapagbuti ang sistema ng edukasyon ng bansa, ang Malacañang noong Disyembre 5, 2019 ay nagsabi na ang mahinang pag-unawa sa pagbabasa ng mga mag-aaral ng Pilipino ay isang "katotohanan" na dapat kilalanin. Ang pagsali sa ating pamahalaan sa programang ito ng pagtatasa ay nangangahulugan na ang pangangasiwa na ito ay hindi natatakot na buksan ang mga mata ng mamamayang Pilipino sa katotohanan upang malaman natin kung ano ang mga hakbang upang maisagawa upang maging mas mahusay tayo sa aspeto ng edukasyon, tagapagsalita ng pangulo na si Salvador Panelo.

Ang pagbabasa ay likas sa mga Pilipino dahil sa mabubuting dulot nito. Isa na rito ang magbigay-aliw mula sa mga kuwento at kasaysayan ng lahat ng bagay at nilalang sa mundo, totoo man o kathang-isip lamang. Sa mga kuwento ring ito nagmumula ang mga kaalaman na kailangan ng tao dahil sa taglay nitong impormasyonat ang kaisipan naman ay nagiging gabay sa pakikihamon sa buhay. Sa buhay ng bawat tauhan, sa papel na ginagampanan at kung saan naganap ang kuwento, nakasalalay kung paano naiuugnay ng mambabasa ang mga pangyayari sa kanilang pagkatao at sa kasalakuyang panahon. (Ravago, 2018)



Lumabas sa pag-aaral ni Torres (2019), ang mga salik na may kaugnayan sa mag-aaral tulad ng dating kaalaman, pag-unawa, at pagganyak o motibasyon kung mababa ay maaaring maging hadlang sa mga kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Inilunsad noong Enero 12, 2024, ang 'Catch-Up Fridays' ay isang mekanismo sa pag-aaral na nilalayon upang palakasin ang pundasyon, panlipunan, at iba pang nauugnay na mga kasanayang kinakailangan upang maisakatuparan ang mga layunin ng kurikulum ng batayang edukasyon. Ang programa, ayon sa DepEd, ay naglalayong palakasin ang mga pangunahing prayoridad sa edukasyon na nakasaad sa MATATAG Agenda at pabilisin ang pagkamtan ng mga target sa edukasyon ng National Learning Recovery Program (NLRP). Sa pamamagitan ng inisyatiba, inaasahan ng DepEd na mapahuhusay ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa, kritikal na pag-iisip, pagsusuri, at pagsulat.

Sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga reading programs gaya ng Catch-Up Fridays ay nakatutulong upang mas matuto ang mga mag-aaral ng mga panibagong kasanayan na makatutulong sa kanila na mas maging mahusay na mambabasa. Ito rin ay nakatutulong upang mapaunlad ang kanilang kasanayan sa wika at kritikal na pag-iisip na kung saan ang mga mag-aaral ay nahihikayat na magbasa ng iba't ibang akda o teksto na magpalawak sa kanilang bokabularyo at paggamit ng wika, at mas natututo silang sumuri at magbigay ng kanilang sariling opinyon batay sa mga kaisipang kanilang natutuhan. At ang paglalapat ng iba't ibang pagdulog sa pagtuturo ay maaaring magpabuti sa interes at motibasyon ng mga mag-aaral na kung saan ito ay makatutulong upang mas ganahan silang lumahok sa iba't ibang gawain sa loob at labas ng paaralan. Bilang karagdagan, ito rin ay maaaring maging daan upang umunlad ang kanilang pananaw at karanasan at ito ay maaaring sa pamamagitan ng paghahatid ng mga teksto na naglalaman ng iba't ibang kultura, karanasan at iba pa at nang sa gayon ay maunawaan at mapahalagan nila ito.

Ito ay sinasang-ayunan ng teoryang kognitibo na kung saan sa pamamagitan ng mga interbensyon na ito ay makatutulong upang magbigay malay sa mga mag-aaral sa pagpoproseso sa mga impormasyong kanilang nakuha mula sa pagbabasa.

Ang pagtuturo sa pagsubaybay sa komprehensyon ay nagtuturo sa mga mag-aaral na: maging may kamalayan sa kanilang ginagawang maunawaan, matukoy ang hindi nila nauunawaan at gumamit ng mga angkop na estratehiya upang malutas ang mga problema sa pag-unawa.

Mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Komprehensyon

Ang pagbabasa ay tumutulong sa mga mag-aaral na magkaroon ng kaalaman, upang mapabuti ang kanilang akademikong pagganap, at nagbibigay ng kapangyarihan sa kanila na maging matagumpay sa lipunang ito ng kaalaman (Bano, Jabeen, at Quitoshi, 2018). Sa kabilang banda, ang pagbasa ay nagsasaad ng

malaking papel sa kahusayan sa wika ng mga mag-aaral. Ito rin ay isang kasanayan na dapat sanayin at sanayin sa loob at labas.

Ang pagbasa ay isang gawain na kinikilala, binibigyang-kahulugan, at pagtaya ng mga ideya sa makalimbag na simbolo. Ito ay isang mabisang paraan upang linangin ng isang tao ang kanyang kasanayan sa pag-unawa ng teksto. May mga dahilan kung bakit ang pagbasa ay isang mahalaga upang mas maging marunong sa buhay. Mas tumatalino ang tao, bata man o matanda, dahil sa mga bagong impormasyon na kanyang natutunan, mas nahahasa ang kaisipan. Nawawala ang pagkabagot kapag ikaw ay nag-iisa. Ang pagbabasa ay mas napag-iibayo ang iyong imahinasyon at sa pamamagitan ng imahinasyon, maari mong maranasan ang mga hindi mo pa naranasan. Mas lumalawak ang iyong pananaw sa buhay.

Ang komprehensyon sa pagbasa ay isa sa mga haligi ng pagbabasa. Kapag nagbabasa ang isang tao siya ay sumasailalim sa isang komplikado na kognitibong proseso. Sabay nitong ginagamit ang kamalayan at pag-intindi sa palatunagan, ponema, abilidad na maintindihan at makabuo ng kahulugan mula sa teksto (Charles at Charles, 2018).

Sa Unibersidad ng Warsaw, Poland lumitaw sa pag-aaral nina Zawadka et al., (2021) na ang mga mag-aaral sa naturang paaralan ay mayroong makabuluhang mabigat na suliranin pagdating sa pang-araw-araw na gawain ng pagbasa gaya ng pag-unawa sa panuto kahit sa isang maliit na pakete ng pagkain at lebel ng gamot kung kaya't suporta, paggabay at pagpapabasa ay higit na kinakailangan nila. Ayon kina Rasouli at Ahmadi, (2021) ang pagbabasa ay isang kumplikadong kasanayan na nangangailangan ng kasama upang ang tagabasa ay maging matagumpay. Layunin nito na isaisip, gumamit ng mga diskarte kapag nagbabasa ng teksto. Dumagundong ang pangalan ng bansang Pilipinas sa naging resulta ng *Programme for International Student Assessment* o (PISA) na inilabas noong ika-5 ng Disyembre 2023.

Layunin ng *Programme for International Student Assessment* o (PISA) ang malinang ang kabihasaan ng mga mag-aaral sa Reading, Mathematics at Science. Noong 2022, ang Pilipinas ay nananatiling nasa kategoryang "below OECD," na nagpapahiwatig na ang mga resulta ng pagsusulit ay mas mababa o hindi umabot sa pamantayang pang-edukasyon na itinakda ng *Organization for Economic Co-operation and Development* (OECD). Ito ay nagpapahiwatig ng mga isyung maaaring kaugnay sa kakulangan sa mga kasanayan, pasilidad, at kagamitan, o hindi epektibong pamamaraan sa pagtuturo at pag-aaral. (24 Oras, GMA News 2022)

Kung magpapatuloy ang pagbasa ng mga resulta sa PISA ay maaaring magdulot ng limitasyon sa kakayahan ng isang bansa na makipagkumpitensya sa pandaigdigang antas. Kung hindi matugunan ang mga hamon ng pandaigdigang edukasyon, maaaring maging mahina ang kakayahan ng bansa na makipagsabayan sa global na ekonomiya. Ang mga resulta sa PISA ay may epekto rin sa pangkalahatang pag-unlad ng bansa. Ang mataas na antas ng edukasyon ay mahalaga para sa



pagpapalakas ng ekonomiya, pagbuo ng mga propesyunal na puwersa, at pag-unlad ng mga sektor tulad ng agham at teknolohiya. Kaya, kinakailangan ang malawakang reporma sa sistema ng edukasyon upang matugunan ang mga hamon na ito. Ito ay maaaring isama ang pagpapabuti ng mga patakaran, pag-update ng mga kurikulum, pagpapalakas ng mga estratehiya sa pagtuturo, at pagkakaloob ng sapat na suporta sa mga guro at paaralan. Ang resulta ng PISA ay nagpapahiwatig ng mga hamon at oportunidad na kinakailangang tugunan upang matiyak ang tagumpay at pag-unlad ng mga mag-aaral, bansa, at edukasyon sa hinaharap. Ito ay mga posibleng epekto sa antas ng kasanayan ng mga mag-aaral, kakayahan ng bansa na makipagkumpitensya sa pandaigdigang antas, potensyal na pag-unlad ng bansa, at mga kinakailangang reporma sa sistema ng edukasyon. Sa mundo ng pagtuturo, ang paghahanda ng kagamitan ay susi sa tagumpay. (Pumahing, 2024)

Ayon sa DepEd Memorandum (No. 173, s. 2019), ang programa sa pagpapabasa ay magkakaroon ng mga sumusunod na target na awtput: pagsulong, pagpapanatili ng kultura ng pagbasa, pagpapahusay sa kakayahan ng bawat guro sa pagtuturo ng pagbasa at pagpapatupad ng interbensyon. Dagdag pa, ito ay nakapokus patungo sa pagkamit ng paghahasa ng kakayahan sa pagbabasa kung saan bawat mag-aaral ay makabasa at makaunawa nang nakapag-iisa sa kanilang antas o baitang na magreresulta sa pagdagdag ng mga kinalabasan ng pag-aaral. Bukod dito, ang mga teorya sa pagbasa, kasanayan, at pagsasaliksik ay dapat maging gabay sa pagpapalano ng mga bagong estratehiya.

Pagsubaybay sa Komprehensyon

Ang pagbabasa ay isa sa limang makrong kasanayan na dapat linangin ng isang mag-aaral. Ito ay makatutulong sa kanila upang mapaunlad ang abilidad sa pag-unawa ng isang teksto. Ang pagbasa nang walang pag-unawa ay hindi pagbabasa. Kung wala ang pag-unawa, ang pagbabasa ay pagkilala lamang sa mga simbolo sa isang pahina na isinasatunog (Charles at Charles, 2018). Sa pamamagitan ng komprehensyon, nauunawaan ng mga mag-aaral ang mga salita na kanilang nababasa (Rockets, 2020).

Bilang mahalaga bilang pundasyon ng mga kasanayan sa pagbasa ng salita at pagtutulay nito ay sa pagbasa ng pag-unawa, ang pananaliksik ay nagpakita na ang mga ito ay hindi sapat na komprehensyon. Halimbawa, dahil lamang sa mambabasa ay maaaring mahusay na basahin ang mga salita sa "Hindi Lamang Isang Butas ang Lupa" ay hindi nangangahulugan na ang mambabasa ay kukuha mula sa artikulo ang mga katangian ng tag-init at taglamig na *woodchuck burrows*. Ang pag-unawa na iyon ay nangangailangan ng mas malawak na hanay ng kaalaman, estratehiya, at disposisyon.

Ang isang mahalagang katibayan na ang mga kasanayan sa pagbabasa at pagtutulay lamang na pundasyon ng salita ay hindi sapat para sa komprehensyon ng pagbasa ay ang pagkakaroon ng mga estudyanteng mahina ang komprehensyon sa kabila ng malakas na decoding at pagbasa ng mabilis. Ang mga

mananaliksik ay napagmasdan at sinisiyasat ang mga kasapi para sa mga dekada (Oakhill, 2020) at ang pananaliksik ay iminungkahi na ang mga ito ay isang malaking bahagi ng mga mag-aaral na hindi bihasa sa estado ng pagbabasa ng mga pagsubok (Koon, Foorman, at Galloway, 2020).

Upang malaman ang epekto ng komprehensyon sa pagsubaybay sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa mababang paaralan sa Nakuro West Sub-County, Kenya, natuklasan sa pag-aaral na kung tutukan ang pagsubaybay sa komprehensyon bilang interbensyon sa kahirapan sa pag-unawa sa binasa, ito ay nagpakita ng potensyal na pagtaas ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral (Agutu, Gichohi at Wamalwa, 2019). Ang katalinuhan ng isang mag-aaral ay kaugnay sa kanyang antas ng kasanayan sa pag-unawa ng kanyang binasa. Ito ay nagsisilbing batayan ng isang mag-aaral upang maintindihan ang mga akda na kanyang nasasalamuha sa loob at labas ng paaralan. Nagpapatunay lamang ito na ang komprehensyon sa pagbasa ay isa sa mga salik upang mapataas ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

Napatunayan ni Perez (2019) na sadyang mahinang bumasa at mababa ang komprehensyon ng kani-kanilang mga mag-aaral. Dagdag pa, maraming salik ang nagsasanhi ng mga bagay na ito. Ganito rin ang natuklasan ni Saraos (2021) sa kanyang pag-aaral. Napatunayan niyang maraming mag-aaral ang nahihirapang magbigay ng kahulugan sa tekstong binabasa lalo na kung gumagamit ang mga ito ng komplikadong mga termino.

Metakognisyon

Ang pagbasa ay itinuturing bilang isa sa mga kasanayan sa pagtanggap sa pag-aaral ng bagong wika, ang proseso ng pag-unawa nito ay nagsasangkot ng mga aspeto ng kaisipan at emosyonal, kabilang sa mga pamamaraang kognitibo at metakognitiv tulad ng: obserbasyon, pagkilala sa pagbabasa, pagsaulo, at pagkilala sa ponolohiya (Pecjaka at Pirch, 2018).

Isa sa mga pangunahing layunin na dapat saklawin ng edukasyon ay ang pagtulong sa ating mga mag-aaral na maging malaya at epektibo. Ang kakayahan ng mga mag-aaral na gumamit ng mga estratehiya na tumutulong sa kanila na idirekta ang kanilang pagganyak patungo sa pagkilos sa direksyon ng metaproposal ay isang pangunahing aspeto na dapat panatilihin nasa harap ng ating isipan kapag isinasalang-alang ang edukasyon. Dito pumapasok ang metakognisyon—kaalaman tungkol sa mismong kaalaman, isang bahagi na namamahala sa pagdidirekta, pagsubaybay, pagsasaayos, pag-oorganisa, at pagpapalano ng ating mga kasanayan sa isang kapaki-pakinabang na paraan, kapag ang mga ito ay gumana na. Ang metakognisyon ay tumutulong sa pagbuo ng mga *autonomous* na mag-aaral, pagdaragdag ng kamalayan tungkol sa kanilang sariling mga proseso ng pag-iisip at kanilang regulasyon sa sarili upang makontrol nila ang kanilang sariling pag-aaral at ilapat ito sa anumang bahagi ng kanilang buhay. Tulad ng nakikita natin, ito ay isang mulat na aktibidad ng mataas na antas ng pag-iisip na nagpapahintulot sa atin na tingnan at pagnilayan kung paano tayo



natututo at kontrolin ang sarili nating mga estratehiya at proseso ng pagkatuto. Samakatuwid, dapat nating lapitan ang isang problema na lumalaki sa ating panahon, ang pag-aaral at kaalaman mula sa pananaw ng aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral. Upang makamit ang mga layuning ito ng "pag-aaral upang matuto" kailangan nating gumamit ng sapat na mga diskarte o teknik sa pag-aaral ng nagbibigay-malay, kung saan maaari nating i-highlight ang mga nakatuon sa pag-aaral sa sarili, pagbuo ng mga metakognitib na estratehiya, at kritikal na pag-iisip.

Itinuro ng iba't ibang mga may-akda na ang metakognisyon ay nagpapakita ng mga lugar na ito ng pag-iisip o mga kasanayan, naglalayong kaalaman o patungo sa regulasyon ng pag-iisip at pagkilos, pangunahing nagmumungkahi ng isang binaryang organisasyon kung saan ang mga proseso ng atensyon ay nakatuon, sa mga okasyon, patungo sa isang bagay o paksa, at ang iba patungo sa pakikipag-ugnayan sa mga bagay at/o paksa (Drigas at Mitsea, 2021). Gayunpaman, posibleng maunawaan ang metakognisyon mula sa isa pang diskarte na nagtatatag ng mas maraming antas ng paggamit ng metakognitib na pag-iisip upang isulong ang kaalaman, kamalayan, at katalinuhan, na kilala bilang ang walong haligi ng metakognitibong modelo (Drigas at Mitsea, 2020). Ang mga haliging ito ay nagpapahintulot sa pag-iisip na isulong ang paggamit ng malalim na kaalaman, mga prosesong nagbibigay-malay, regulasyon sa sarili, *functional adaptation* sa lipunan, *pattern recognition* at mga operasyon, at maging ang makabuluhang pagsasaulo (Drigas at Mitsea, 2020).

Bilang karagdagan sa itaas, ang modelo nina Drigas at Mitsea ay nagtatatag ng iba't ibang mga antas kung saan maaaring gamitin ang metakognisyon, sa isang kumplikadong pagkakasunud-sunod mula sa stimuli hanggang sa transendental na mga ideya, kung saan ang bawat isa sa mga haligi ay maaaring magpakita ng ibang tapas ng prosesong metakognitib, kaya nagtatatag ng dayalekal at integratib na diskarte sa pag-aaral at kaalaman, na nagpapahintulot na ito ay maunawaan bilang isang ebolusyon at kumplikadong proseso sa mga yugto (Drigas at Mitsea, 2021).

Ang lahat ng ito ay nililinaw ang kahalagahan at pangangailangan para sa metacognition, hindi lamang sa edukasyon kundi pati na rin sa ating modernong lipunan, dahil ang pangangailangang ito ay "magturo kung paano matuto" at ang kakayahang "matuto kung paano matuto" upang makamit ang pagsasariling pag-aaral at paglipat ito sa anumang bahagi ng ating buhay ay hahayaan tayong harapin ang mga problema nang mas matagumpay. Ito ay nagiging isang kaugnay na hamon, lalo na ngayon kung saan kinakailangan na magkaroon ng malawak na pananaw tungkol sa pagmuni-muni at kamalayan, at lampasan ang mga pagkasimple at pagbabawas na modelo na naglalayong isentro ang problema ng kaalaman sa paligid lamang ng *neurobiological* o ang *phenomenological* na saklaw (Sattin et al., 2021).

Ang isang pagsusuri ng mga nauugnay na literatura ay nagpapahiwatig ng isang relasyon sa pagitan ng mga kasanayan sa pagbabasa at paggamit ng diskarte. Sa kanyang pag-aaral, inimbestigahan ni Alqahtani (2019) ang kaugnayan sa pagitan ng

paggamit ng metakognitibong teknik at kasanayan sa pagbabasa sa mga mag-aaral sa unibersidad at napagpasyahan na mayroong mataas na ugnayan sa pagitan ng mga metakognitibong estratehiya na ginamit at pag-unawa sa pagbasa.

Ayon kay Muhid et al. (2020), isang pag-aaral sa epekto ng metakognitibong estratehiya sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral ay nakakita ng positibong epekto sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa. Sa pamamagitan ng pagpapatupad ng metakognitibong estratehiya sa proseso ng pagbasa, ang mga mag-aaral ay magkakaroon ng *strategic competence* at magiging *strategic readers*. Ang mga madiskarteng mambabasa ay maaaring ayusin, subaybayan, at suriin ang kanilang pagganap sa pagbabasa ayon sa kanilang pakikilahok sa pagsasanay ng mga metakognitibong estratehiya

Mga Graphic at Semantic Organizer

Ang mga graphic organizer ay makakatulong sa mga mag-aaral na mapaunlad ang kanilang kritikal na pag-iisip. Ang kritikal na pag-iisip ay nangangahulugan na ang mga mag-aaral ay maaaring matukoy kung ang kanilang mga ideya ay maaaring paunlarin mabuti man o hindi. Nauunawaan ng mga mag-aaral kung paano nila pinipili ang mga angkop na salita na naaayon sa konteksto ng kapaligiran. Maaari itong ipaliwanag sa kahon ng mga graphic organizer. Bukod dito, ito ay mabisang kasangkapan upang makabuo ng mga pangungusap na naglalaman ng ganap na estruktura ng sintaks at diskurso. Kung susumahin, mabisa ang paggamit ng mga graphic organizer upang matulungan ang mga mag-aaral na magsulat mas mabuti. Hinihikayat nito ang mga mag-aaral na bumuo ng mas mahusay na pagsulat dahil maaari nilang pamahalaan mabuti ang mga ideya. Maaari din nitong hikayatin ang mga mag-aaral na paunlarin ang kanilang kritikal na pag-iisip dahil mayroon silang malinaw na ideya kung paano bumuo ng mas mahusay na kalidad ng pagsulat. Kaya, ang mga graphic organizer ay mabisang kasangkapan sa pagtulong sa mga mag-aaral na tapusin ang kanilang gawain sa pagsusulat na mayroon silang mas mahusay na kalidad ng pagsulat. (Rahmat, 2020)

Ayon kina Kurniaman, Oktari at Pahrurazi (2019) sa kanilang pag-aaral na ito ay naghihinuha na ang karagdagang pag-aaral tungkol sa mga pakinabang ng mga graphic organizer sa konteksto ng pagtuturo, pinaninindigan ng iba na ang paggamit ng mga graphic organizer ay maaaring mapabuti ang mga kasanayan sa pagbabasa ng mga mag-aaral dahil sila ay nagkakaroon ng mga kinakailangang kognitibong kakayahan para sa pag-unawa sa mga materyales sa pag-aaral na naglalaman ng mga kawili-wiling grapiko.

Aktibo ang antas na analitikal ng pagbasa sapagkat hangad ditong intindihing mabuti ang pinakakahulugan ng babasahin sapagkat matalinong hinihinuha ng mga pahiwatig at tagong kahulugan na matatagpuan sa pagitan ng teksto o linya (Bajeta, 2021). Sa paggawa ng balangkas, pagmamapa, o ang graphic organizer para sa mga mag-aaral, maingat at mahusay na makukuha ang nilalaman ng isang teksto. Ginagamit ang graphic organizer sa pag-uugnay. Ginagamit din ito upang ibigay ang kataguri ng



konsepto ng mga pangyayari, biswal ng mga larawan at mga kaalaman (De Leon, 2021). Nabanggit sa pag-aaral na ang kritikal na lebel ay pagmonitor ng sariling pagbasa bilang mambabasa; ebalwasyon ng bisa ng awtor. Pumapasok dito ang ideyang nakapagsasarili, sapagkat nakagagawa ng sariling pangangatwiran, pagsusuri, paghuhusga, at pagtatasa.

Pagsagot ng mga Katanungan

Mahalaga ang mga tanong sa paglinang ng komprehensyon dahil ito ang makakatulong sa atin o sa ating mambabasa na lubusan na maintindihan ang teksto ng babasahin o akda. Mas epektibo ang pagbabasa at komprehensyon kapag may mga katanungan tayo na isinusuperta na hanay sa babasahin o binabasa. Sa paglinang ng komprehensyon sa gabay ng mga tanong ay ang pagkakaroon ng mga kasanay tulad ng mga sumusunod; Pag-unawa, Mapanuri, Malikhain, at Interpretasyon. Sa pag-unawa, ang mga tanong ay nakapokus sa mga ideya at mga impormasyon na makikita sa teksto sa ganoong paraan madaling maalala ng mga bata ang mga simpleng detalye na nakapaloob sa sa binabasa o babasahin. Sa mapanuring pagbasa naman, nakatutulong ang mga katanungan sa pagkakaroon o paghasa ng pagiging mapanuri sa pagbasa. Naibabahagi ang sariling paninindigan at napapahalagahan ang pagkamatotohanan ng impormasyong nakalahad sa teksto. Sa malikhaing pagbasa naman, nagiging daan din ito sa pagtuklas ng iyong natatanging pagkamalikhain. Isa ring daan sa pagtuklas o kakayahang tumuklas ng solusyon o makabuo ng solusyon maliban sa inihain ng awtor na solusyon sa konteksto ng maaring resulta sa mga nakasaad sa nabasa. Sa panghuli, ang mga tanong dito ay hindi hango o base sa mga impormasyon na nakasaad sa teksto sapagkat ang mga tanong dito ay kung ano ang iyong paghihinuha sa nabasa. Sa ganitong paraan nakakagawa sila ng kanilang sariling opinyon batay sa kanilang nabasa.

Upang maging isang mabisang mambabasa na mayroong pang-unawa, alamin nang mas malalim ang nais ipakahulugan ng isang sulatin. Umpisahan sa pamagat; linangin agad ang imahinasyon, himay-himayin ang mga salita, ideyang ginamit, gayundin ang mga pangyayari, ano ang naging dahilan ng manunulat kung bakit ganito ang nais niyang iparating, maging ang mga kasamang tauhan, ang katangian nito, tagpuang ginamit dito. Sa patuloy na pagbabasa ng mga akda, hindi mawawala kuryusidad ng mambabasa. Kung isasama ang kakayahang magsuri, masasagot ang lahat ng mga katanungan na bumubuo sa isipan, dahil ito ang paraan upang maipalabas ang tunay na lalim at ang itinatago nito, sa kabila ng sa kung ano lamang ang karaniwang nasisilayan. Hindi lamang sa kung ano ang pagkakaunawa sa pagkakabasa ay maisasakutuparan na ang hinihingi ng guro, bagkus ito ay mayroong mga lebel na pag-unawa pagdating sa pagbasa. Sa tulong na rin ng mga estratehiya na nakapaloob dito, magagawa nang mahusay na higit pa sa inaasahan (Course Hero, Inc., 2021).

Ang pag-unawang literal ay nakapokus sa mga ideya at impormasyong tuwirang nakalahad sa teksto. Bagama't nangangailangan lamang ito ng mababang antas ng pag-iisip, mahalaga ito bilang isang pundasyon sa paglinang ng mataas na antas ng pag-iisip.

Ang mahinang pag-unawa sa pagbabasa ay may mahalagang epekto sa pag-unawa sa konteksto. Ito ay isa sa mga pinakakaraniwang problema sa mga mag-aaral at guro sa pangunahing edukasyon. Ang pagbabasa nang may pag-unawa ay naglalalatag ng pundasyon para sa hinaharap na pag-aaral at pangamba sa lahat ng asignatura. Kung wala ang pundasyong ito, mahihirapan ang mga mag-aaral na magtagumpay sa akademya, partikular sa pagbabasa at pagsulat gayundin sa mga asignaturang tulad ng ingles, matematika, agham, at araling-panlipunan (Manlapaz et al., 2022). Nariyan ang mga kabataang nagkakaroon ng kahirapan sa larangan ng pagbasa sapagkat ang mga ito ay hindi gaanong nauunawaan ang kanilang binasa. Ayon sa pag-aaral ni Saavedra (2020), nagkakaroon ng negatibong pang-unawa ang mga mag-aaral marahil sa kakulangan ng mga kagamitang panturo at ang mga mag-aaral ay maaaring hindi sanay na magsanay ng wika at samakatuwid ay hindi nila nakukuha ang angkop na pagkakalantad o ibig sabihin ng wikang binasa.

Mula sa pagsusuri ng datos nina Meita, Zelvina, at Riswanto (2020), ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa tekstong salaysay ay naiimpluwensyahan ng estratehiya ng pagsagot ng katanungan. Interesado ang mga mag-aaral na talakayin ang paksa ng teksto dahil maaaring gabayan sila ng diskarte sa paghahanap ng sagot sa teksto sa pamamagitan ng paggamit ng mga tanong na may kaugnayan sa teksto. Ang paggamit ng estratehiyang pagsagot ng katanungan sa pagtuturo ng pag-unawa sa pagbasa ay nagtutulong ng mga mag-aaral, mag-isip nang malakas, maging madiskarteng mga mambabasa, mag-isip nang malikhain. Isinasalang-alang ng mga mag-aaral ang impormasyon mula sa teksto at ang kanilang sariling kaalaman pagkatapos ay pagsamahin ito. Kaya, nakakatulong ito sa kanila na maging mas mahusay na malaman ang pangunahing ideya at sumusuportang detalye ng teksto.

Pagbuo ng mga Katanungan

Ang mga mabubuting mambabasa ay nakikibahagi sa teksto sa pamamagitan ng aktibong pagtatanong. Habang nagbabasa, nagtatanong ang mga estudyante para mas maunawaan ang kanilang binabasa. Ang pangunahing estratehiyang ito ay tumutulong sa mga mambabasa na gawing aktibo ang pagbasa sa halip na isang *passive experience* habang sinusubukan nilang linawin upang mas maunawaan ang teksto. Ang pagtatanong habang nagbabasa ay isa pang mahalagang hakbang tungo sa paggabay sa mga mag aaral na subaybayan ang kanilang sariling pag-unawa.

Ang pagsasanay sa mga estratehiya sa pagtatanong ay tumutulong sa pagbibigay ng layunin sa mga estudyante sa pagbabasa. Maaaring piliin ng mga mag-aaral na magtanong habang nagbabasa. Una, ipaliwanag ang kahulugan. Halimbawa, maaari nilang tanungin kung ano ang ibig sabihin ng isang partikular na salita o kung bakit nangyayari ang isang tiyak na bagay. Pangalawa, gumawa ng mga hula tungkol sa isang teksto. Halimbawa, maaaring piliin ng isang mambabasa na magtanong upang subukan at matukoy kung ano ang susunod na mangyayari.



Pangatlo, unawain ang layunin ng isang may-akda. Halimbawa, ang mga mahusay na mambabasa ay maaaring magtanong kung bakit pinili ng isang may akda na isulat ang bahagi o piraso ng teksto. Pang-apat, mas maunawaan ang mga tauhan at pangyayari. Halimbawa, maaaring piliin ng isang mambabasa na tanungin kung bakit pinili ng isang tauhan na kumilos sa isang tiyak na paraan, o kung bakit ang isang pangyayari ay nagaganap. At ang panghuli, ang proseso ng pagtatanong ay patuloy na umiikot. Habang sinasagot ang mga tanong, may mga bagong bumangon. Pagtuturo sa mga estudyante na subaybayan ang mga tanong na ginagawa nilang pang-unawa sa mga tulong.

Ang pagbuo ng mga katanungan ay tinukoy bilang ang proseso kung saan ang mga mag-aaral ay bumuo ng mga tanong sa paligid ng mga materyales na itinuro, o mga bahagi ng isang nilalamang pagtuturo nila ay itinuturing na mahalaga at may kaugnayan sa edukasyon, para sa mga layunin ng pag-aaral at pagtatasa. Ito ay ginagamit bilang isang kapaki-pakinabang na tool para sa pagsasanay upang itaguyod ang pag-aaral at interes sa materyal na paksa kapag ito ay ipinatupad bilang bahagi ng kurikulum ng pagtuturo. Ang diskarteng ito ay nagbibigay ng mga *insight* sa kanilang kaalaman, pag-unawa, at pagkalito, at nagsisilbing bintana sa kanilang isipan. Ang mga resulta ng pag-aaral na ito ay nagsiwalat na ang mga tanong sa pagsulat ng mga mag-aaral ay maaaring humantong sa mas mahusay na akademikong tagumpay at pagkatuto ng mga mag-aaral. Samakatuwid, ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa pagbuo ang mga tanong ay isang pamamaraan na maaaring magamit upang mapabuti ang akademikong pagganap sa mga unibersidad. Sa aktibidad na ito na kinakailangan ng mga mag-aaral na magsulat ng mga tanong sa pagsusulat ay epektibo hindi lamang bilang isang *graded group assignment*, ngunit isa ring kasangkapan upang hikayatin ang pakikipag-ugnayan sa silid-aralan at humantong sa mas mahusay na mga marka ng pagsusulat. (Shakurnia et al. 2018)

Pagkilala ng Elemento ng Kuwento

Ayon kina Elghazaly at Albarqi (2024), ang mga maikling kwento ay tumutulong sa mga mag-aaral na matutunan ang apat na kasanayan—pakikinig, pagsasalita, pagbabasa at pagsusulat—nang mas mabisa dahil sa motibasyon na benepisyong nakapaloob sa mga kuwento. Bilang karagdagan, sa pamamagitan ng mga maikling kwento, ang mga instruktur ay maaaring magturo ng mga aspeto ng panitikan, kultura, at mas mataas na pagkakasunud-sunod ng pag-iisip.

Pinatunayan nina Ilagan (2020), Guromba (2019) na ibinabatay ang maikling kuwento na sumasalamain sa tradisyon ng mga tao na nagpapakita ng kanilang pagkakakilanlan.

Nakapagpahabang ng interes ng mambabasa ang mga sulating pampanitikan. Nagsasalaysay ito tungkol sa buhay, pamumuhay, lipunan, pananampalaya at mga karanasang kaugnay ng iba't ibang uri ng damdamin tulad ng pag-ibig, kaligayahan, kalungkutan, pag-asa, pagkapoot, pagkasuklam, sindak at pangamba. Maaaring mawala o maubos ang kayamanan ng isang tao at maging ang kanyang pagiging makabayan, subalit hindi ang panitikan. Ito ang isang dahilan kung bakit pinag-aaralan ang

larangan ng literatura sa mga paaralan. Ang maikling kwento ay isang masining na anyo ng panitikan na naglalaman ng isang maiksing salaysay tungkol sa isang mahalagang pangyayari na kinabibilangan ng isa o ilang tauhan. Nag-iwan ito ng isang kakintalan sa isip ng mga mambabasa.

Mabisa rin ang maikling kwento upang mapaunlad ang personal at emosyonal na pag-unlad. Habang pagbabasa o pakikinig sa maikling kwento, ang mga mag-aaral ay binibigyan ng iba't ibang magagandang pag-uugali kaya nilang gayahin. Maaari pa nga nilang ilagay ang kanilang sarili sa kalagayan ng kanilang idolo o bayani. Matututo rin ang mga estudyante sa masalimuot na pagdurusa at paghihirap ng mga tauhan. Nakaharap sa ang mga hidwaan, pakikibaka, at iba pang natatanging kondisyon sa mga kuwentong sumasalamain sa masalimuot na hanay ng mga sitwasyon ng tao, ang mga mag-aaral ay hinihikayat na isaalang-alang at dagdagan ang isang mas mahusay na pag-unawa sa kanilang sariling buhay at bumuo ng kanilang pagganyak at personal na pag-unlad. Ang maikling kuwento ay nag-aalok ng mga benepisyo ng kognitibo dahil maikling kuwento pagbabasa naghihikayat ng mga estratehiya sa pagharap sa hamon sa buhay.

Sa antas ng sekondarya, ang mga mag-aaral ay magsasaliksik din ng mga panlabas na pinagkukunan upang maunawaan ang isang bagay na mahirap para sa kanila. Ang paghula, pagkatuto, at pagsasaliksik ay napakahalaga at mahahalagang kasanayan sa kognitibo at pag-aaral sa paglinang ng kakayahan sa wikang banyaga o lokal. Nakakaaliw din ang maikling kwento (isang kinakailangang kondisyon para sa pagbaba ng laman ng pagkabalisang at pagkabagot). Bukod dito, itaguyod ang kritikal na pag-iisip, dahil ang mga mag-aaral ay dapat sumasalamain, mag-infer, mag-analyze, at mag-synthesize ng mga impormasyong inilalahad sa pamamagitan ng parehong literal at ipinahihiwatig na mga ekspresyon na karaniwang kasama sa maikling kwento. Nagmumuni-muni, naghuhula, nagsusuri, at pagbubuo ng impormasyon ay mga pangunahing kasanayan sa kritikal na pag-iisip.

Isa sa mga pangunahing katangian ng mga tekstong pasalaysay ay ang pagpaparating ng mga nauunawaan at nakikita ng mga mambabasa sa harap ng iba't ibang sitwasyon. Ang episodio o kabanata ng mga pangyayari na ito ay nagkakalat mula sa punto ng pananaw ng tagapagsalaysay na isinasalang-alang ang mga aspeto tulad ng: ang lokasyon, oras, at mga tao upang magbigay ng impormasyon tungkol sa isang teksto (Ozdemir, 2018).

Sa ginawang pag-aaral ni Stevenson (2019) na *Developing Cultural Understanding through Storytelling*, *Journal of Teaching in Travel and Tourism*, ang mga kuwento ay maaring gamitin para sa pagbabaha-bahagi ng karanasan at pagkakaroon ng pag-unawa sa kultura. Sa paggawa ng kuwento nagsasabi na magkaroon ng isang kultural na komunikasyon at pag-unawa.

Ayon sa pag-aaral nina Ali Mansoor et al. (2022), ang mga mag-aaral ay positibong tumutugon sa pagsasaulo at pagkuha ng bokabularyo sa pamamagitan ng isang maikling kuwento.



Natuklasan ng mga mananaliksik na ang mga mag-aaral ay nagpakita ng mahusay na kakayahan sa pagsasaulo at paggamit ng mga angkop na salita nang tama. Napansin ng mga mananaliksik na sa kabuuang porsyento, 80 bahagdan ng mga mag-aaral ay nakuha at naisaulo ang bokabularyo sa pamamagitan ng paggamit ng maikling kuwento. At humigit-kumulang 20 bahagdan ang gumanap ng mahinang kakayahan sa pagkuha at pagsasaulo ng mga salita. Ang pagtuturo ng maikling kwento ay naghihikayat sa mga mag-aaral na gumanap nang mas mahusay at paunlarin ang kanilang mga kakayahan sa pagsasaulo ng bagong bokabularyo. Nakapagtataka, ang mga mag-aaral ay naging masigasig sa pagtuturo sa pamamagitan ng isang maikling kuwento. Naging aktibo sila sa buong aralin. Tungkol sa ipotesis ng pag-aaral, naaprubahan na ang mga maikling kwento ay nakakatulong sa pagkuha at pagsasaulo ng bokabularyo ng mga mag-aaral. Nagbibigay ito sa mga mag-aaral ng malinaw na ideya tungkol sa kahulugan ng bokabularyo.

Pagbubuod

Isinasalang-alang na ang pagbubuod ay isa sa mga estratehiya sa pagbasa na nagpapaalam sa mga mag-aaral na maunawaan ang nilalaman ng teksto nang mas malalim, na kasabay nito ay nagpapatakbo ng mga tungkulin bilang tanda ng pag-unawa (Pecjaka at Pirch, 2018). Kailangang maunawaan ng mga mag-aaral ang kanilang nabasa upang magawa nilang buod at mabawasan ang nilalaman gamit ang kanilang sariling mga salita. Kasabay nito sinusupportahan ng pagbubuod ang mga mag-aaral na ilarawan ang kahulugan ng impormasyon at panatilihin ang kaalaman sa pangmatagalang memorya.

Isang diskarte na magagamit sa pagtuturo ng pag-unawa sa pagbasa ay ang paggamit ng GRASP. Ang GRASP ay nangangahulugang *Guide, Reading, and Summarize Procedure* na nagbibigay-daan sa isang guro at isang klase ng mga mag-aaral na talakayin, basahin, pag-aralan ang mga teksto at pagsulat ng maikling buod. Ang papel nito sa pagtuturo sa pagbasa ay pahasayin ang pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral. Pagkatapos, nakakatulong ito sa pagpapanatili ng impormasyon at epektibong materyal na organisasyon para sa mga mag-aaral. Ang layunin ng paggamit ng GRASP sa silid-aralan ay upang tulungan ang mga mag-aaral sa malayang pagbubuod ng tekstong kanilang binabasa at sinusubukang unawain (Virgoani at Panjaitan, 2021).

Maaaring isama o baguhin ang GRASP sa iba pang mga taktika upang mapahusay ang pag-unawa sa pagbabasa. Sa mga aktibidad, kabilang dito ang isang ehersisyo na naghihikayat sa pakikipag-ugnayan ng mag-aaral at pag-unawa sa pagbabasa ng mga tekstong nagbibigay-kaalaman. Bukod pa ryan, nakatutok ito sa pag-unawa sa pagbabasa ng impormasyon at binibigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na bumalik at linawin ang anumang hindi pagkakaunawaan o hindi nakuhang mga detalye. Bilang resulta, ang pagsasama ng GRASP sa klase ng pagbabasa ay maaaring maging solusyon upang mapabuti ang pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral. (Winarti et al., 2020)

Akademikong Pagganap

Ang mga mahusay na guro ay tumutugon sa mga pangangailangan sa pag-aaral ng mga indibidwal na mag-aaral at nagtataguyod tiyaking natatanggap ng mga mag-aaral ang mga mapagkukunang kailangan nila. Ang mga epektibong guro ay hinikayat ang kanilang mga mag-aaral, naniwala sa kanilang mga mag-aaral, sinubukang hikayatin ang mga mag-aaral at isali sila sa pag-aaral. Ang mga epektibong guro ay bumuo ng tiwala sa kanilang mga mag-aaral at pinapaboran ang mga tanong ng tanong at talakayan sa kanilang mga silid-aralan. Tinukoy naman nina Robertson et al., (2020) na ang mga gurong gumagamit ng mga estratehiyang pagganyak at pakipag-ugnayan ay naghahatid sa kanilang mga mag-aaral sa isang hanay ng kasanayang nagbibigay-daan na mabasa ang mga kumplikadong impormasyon sa teksto. Nagdadala ito sa mga mag-aaral na mailarawan, mahulaan at makonekta sa buhay ang nauunawaan sa binasang teksto. Ang mga mataas na epektibong guro ay naniniwala sa kanilang mga mag-aaral at sa kanilang kakayahang mapabuti ng mag-aaral ang pagkatuto (self-efficacy).

Sina Sargent, Ferrell, Smith, at Scroggins (2018) ay nagsagawa ng pag-aaral upang suriin ang mga guro ng pangalawang nilalaman at ang kanilang kakayahang makaapekto sa pag-unlad ng pagbasa ng mga mag-aaral. Ang mga kalahok ay mga guro ng content area na hindi sinanay sa literasi. Isang daan at limampu't tatlong kalahok mula sa maraming distrito ng paaralan sa isang rural na setting, ay lumahok ang pag-aaral mula sa magkakaibang pangkat ng mga lugar ng nilalaman. Ang lahat ng mga guro ng content area ay pinangasiwaan ang *Reading Teaching Outcome Expectancy Assessment* (RTOE). Tukoy na nasuri ang mga tanong na may kinalaman sa pag-asa sa resulta ng pagtuturo sa pagbasa. Deskriptibo ang mga istadistika ay sinuri upang siyasatin ang mga datos.

Ang mga natuklasan sa isang daan at limampu't tatlo (153) mga guro na na-sarbey, labimpitong (17%) bahagdan ay may mababang pagtuturo sa pagbasa; ang marka ng resulta ng pag-asa; animnapu't pitong (67%) bahagdan ang nakakuha ng marka sa *average range*; at labing-anim (16%) bahagdan ang may mataas o pinakamainam na saklaw. Iminumungkahi ng mga natuklasan na ito na labing-anim (16%) bahagdan lamang ng mga guro ang may malakas na paniniwala sa kanilang kakayahang maimpluwensyahan ang pag-unlad ng pagbasa ng mag-aaral sa lugar ng nilalaman. Inihayag ng mga mananaliksik ang mga limitasyon ng pag-aaral, na kasama ang paggamit ng mga sarbey, batay sa *self-report*, dahil ang mga kalahok ay maaaring nagtago ng impormasyon na hindi nila gusto ng iba upang malaman o magbigay ng mga tugon na inaakala nilang inaasahan (Sargent et al., 2018).

Ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral ay ang pangunahing elemento sa pagsusuri sa mga layuning pang-edukasyon para sa mga mag-aaral at guro (Bosco et al., 2023). Ito ay tumutukoy sa natamong resulta ng isang mag-aaral na kanyang nakamit sa loob ng paaralan. Makikita at masasalamain sa akademikong pagganap ng kabuoang mag-aaral ang kanilang



layunin sa hinaharap. Sa pamamagitan nito, matutukoy kung ano ang programa ang kanilang kukunin sa kolehiyo, alin ang institusyon na pang-edukasyon ang kanilang maaaring pasukan, at kung ano ang mga oportunidad ang kanilang kukunin at iba pa.

Ang mga kasanayang pangwika ay mahalaga sa pag-iisip ng mga tao, pag-unawa sa mga tao sa kanilang paligid, at pagpapahayag ng kanilang sarili. Ang mga kasanayan sa pagbasa, bukod sa iba pang mga kasanayang pangwika, ay gumaganap ng isang mahalagang gampanin sa pagbagay ng isang tao sa pang-araw-araw na buhay (Isik, 2023).

Sa larangan ng edukasyon ayon kay Berrin (2021), ang pag-akyat ng antas ng kasanayan sa pagbasa ay nagreresulta sa positibong epekto sa buong sistema ng edukasyon. Ang mga natamong resulta ay maaaring magsilbing inspirasyon para sa masusing pagpapalano at implementasyon ng mga programang pang-edukasyon, naglalayong mapaunlad ang kalidad ng pagtuturo sa mga paaralan.

Iminungkahi ng mga mananaliksik, ang hinaharap na pananaliksik sa lugar na ito upang galugarin ang iba pang mga diskarte upang madagdagan ang content area ang mga paniniwala ng mga guro na maaari silang makaapekto sa pag-unlad ng literasi ng mga mag-aaral.

Mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Komprehensyon na Kaugnay ng Akademikong Paganap

Nabanggit sa aklat ni De Leon (2018) na pinamagatang “Tuklas-Diwa Pagbasa Panunuri Panaliksik Filipino 2”, ang sumusunod na teorya na panuntunan sa komprehenyon sa pagbasa: Ito ay ang Teksto Patungo sa Tagabasa (Teoryang *Bottom-Up*). Nananalig ang teoryang ito na ang pagkatuto sa pagbasa ay nagsisimula sa pagkilala sa mga titik, salita, parirala, at pangungusap bago malaman ang kahulugan ng teksto. Tinatawag din itong “*outside-in*” o “*data driven*” sapagkat ang impormasyon sa pag-unawa ay hindi nagmula sa tagabasa kundi sa teksto. Ang teoryang *Top-Down* naman ay tinatawag din ang teoryang ito na “*inside-out*” o “*conceptually-driven*” dahil ang kahulugan o impormasyon ay nagsisimula sa mambabasa patungo sa teksto. Ito ay nangyayari dahil ang mambabasa ay gumagamit nga kanyang mga dating kaalaman at ng konseptong nabuo sa kanyang isipan mula sa kanyang mga karanasan at pananaw sa paligid. Ang teoryang Interaktib ay bunga naman ito ng pambabatikos ng mga dalubhasa sa ikalawang teorya. Ayon sa teoryang ito, ang teksto ay kumakatawan sa wika at kaisipan. Dito nagaganap ang interaksyong awtor-mambabasa at mambabasa-awtor kung gayon, ang interaksyon aymay dalawang direksyon o *bi-directional*. Masasabing ang teoryang ito ay isang pagbibigay-diin sa pag-unawa sa pagbasa bilang isang proseso at hindi bilang produkto. Ang Teoryang Iskema naman ay mahalaga ang tungkuling ginagampanan sa pagbasa ng dating kaalaman ng mambabasa. Ito ang batayang paniniwala ng teoryang iskema. Bawat bagong impormasyong nakukuha sa pagbabasa ay naidaragdag sa dati nang iskema.

Ayon kina Guinto at Carada (2023), ang pagpapalawak sa bokabularyo ay mahalaga upang lubos na mapaunlad ang pagkatuto ng mga mag-aaral sapagkat ang kakulangan sa kasanayan sa bokabularyo ay maaaring maging malaking hadlang sa pag-unawa sa pagbasa sa anumang teksto o akdang pampanitikan.

Paliwanag nina Almirol at Catoto (2022), ang mga guro ay gumanap ng isang mahalagang papel sa panahon ng kawalan ng katiyakan sa pagtulong sa kanilang mga mag-aaral na mapahusay ang kanilang mga kasanayan sa pagbabasa sa wika. Ito ay sa kabila ng matagumpay na resulta ng kanilang isinagawang pag-aaral upang bigyang solusyon ang mababang performans ng mga mag-aaral sa pagbasa. Napatunayan sa pag-aaral na ito na binago ng programa sa pagbasa ang buhay ng mga mag-aaral. Nakita na ito ay isang epektibong diskarte batay sa iba't ibang mga aktibidad na ibinigay ng guro.

General Academic Strand (GAS)

Ang *General Academic Strand* ay maganda para sa mga mag-aaral na hindi pa rin nakakapagpasya kung aling *track* ang kukunin. Maaari kang pumili ng mga *elective* mula sa iba't ibang *academic strand* sa ilalim ng *track* na ito. Kabilang sa mga asignaturang ito ang *Humanities, Social Sciences, Applied Economics, Organization and Management, at Disaster Preparedness*.

Bukod pa rito, ang online na artikulo ay nakatuon sa tunay na dahilan kung bakit ipinatupad ang *General Academic Strand* ng K to 12 na programa. Ito ay upang magbigay ng mga paraan para sa mga undecided students na mag-isip tungkol sa kanilang ginustong degree kapag sila ay tumuntong sa kolehiyo. Tila makatarungang pakinggan ang magandang bahagi nito ngunit kitang-kita na ang mga estudyanteng kumuha ng nasabing strand ay hindi talaga ganoon kahanda para sa kanilang kinabukasan. Isa sa mga anomalya ng programang nakasaad sa artikulo ay ang pag-aaral ng ilang mga mag-aaral sa kolehiyo para makakuha ng degree sa kolehiyo. Parang nakakadismaya kung iisipin natin ang kinabukasan ng mga estudyanteng ito, pero totoo talaga. Sa katunayan, hindi lang iyon ang kaso. Mayroong higit sa apatnapu't dalawa (42) porsyento ng mga *senior- high school-students- to- be* na hindi nakapag-enrol ngayong taong panuruan dahil sa iba't ibang dahilan, na medyo nakakalungkot. Dahil hindi natin mapipilit ang mga mag-aaral na kumuha ng mga strand na hindi nila gustong paggastos ng pera at hindi nila ito pinili, ang *General Academic Strand* ang paraan para sa mga undecided students na ito. Gayunpaman, nakasaad sa artikulo na ang mga mag-aaral na kumuha ng *General Academic Strand* ay hindi makakapasok sa isang uri ng kolehiyo na may kaugnayan sa iba pang mga strand tulad ng *Science, Technology, Engineering and Mathematics* o STEM at ang *Accountancy, Business and Management* o ABM, hindi kasi nila kinuha ang *introductory subjects* ng alinman sa dalawang strands. Ang ilang mga mag-aaral ay nagsimulang magkolehiyo gamit ang isang medyor na pinili ng kanilang mga magulang para sa kanila kaya lumipat sila mula sa isang kurso patungo sa isa pa sa pag-asang makahanap



ng naaangkop na landas para sa kanilang hinaharap. Sa isang teksto, hindi ipinatupad ng gobyerno ang *General Academic Strand* para sa mga *undecided students* lamang. Siyempre, ang mga mag-aaral na gustong kumuha ng medyor sa kolehiyo na may kaugnayan sa edukasyon ay dapat ilagay sa strand na ito. Sa isang paraan o iba pa, ang kinabukasan ay nasa kamay pa rin ng bawat mag-aaral na kasalukuyang nasa *Senior High School*. Gusto man nilang makakuha ng degree o makatapos lang, nasa kanila pa rin. Ang mga strand na ito ay isang gabay na punto lamang sa kanilang buhay upang matulungan silang magdesisyon kung ano talaga ang gusto nilang maging kapag sila ay pumasok sa pang-adultong buhay. Sa alinmang paraan, ang mga mag-aaral ay dapat talagang maglaan ng oras upang magpasya tungkol sa pagpili ng tamang landas para sa kanilang itinalagang mga kasanayan at talento, dahil ito ang mga pangunahing pangangailangan ng paghahanda at pagpili ng strand na angkop upang matulungan sila sa kanilang mga trabaho sa hinaharap.

METODOLOHIYA

Sa kabanatang ito, tinalakay ang disenyo, mga tagatugon at populasyon ng pag-aaral, pamamaraan ng pag-aaral at paraan ng pangangalap ng datos at kasangkapang estatistikal na ginamit sa pagsusuri at pagpapakahulugan sa mga nakalap na datos ng pag-aaral na ito upang malaman ang antas ng estratehiya sa pagtuturo ng komprehensyon sa pagbasa at ang kaugnayan nito sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

Disenyo ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng Descriptive-Correlational na disenyo ng pananaliksik. Ang mga deskriptibong disenyo ay ginagamit upang ilarawan ang isang kababalaghan o populasyon. Ang mga pag-aaral na ito ay karaniwang nagsasangkot ng pagkolekta ng datos mula sa isang malaking bilang ng mga tao (halimbawa sa pamamagitan ng mga sarbey) at pagkatapos ay naglalarawan sa mga resulta.

Ang bahaging naglalarawan ay naganap sa pagtatasa ng mga mag-aaral tungkol sa mga estratehiya ng mga guro sa pagtuturo ng komprehensyon at ang bahaging ugnayan ay magaganap sa kaugnayan ng mga nabanggit na estratehiya sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

Populasyon ng Pag-aaral

Sa bilang mga mag-aaral sa academic track ng Mataas na Paaralan ng Sum-ag- Senior High, ginamit ng mananaliksik ang purposive sampling sa pagpili ng mga kalahok upang mas maging matagumpay ang layunin ng pag-aaral. Ang pagdulog ay naaangkop dahil naalis nito ang potensyal na bias dahil sa maling representasyon ng mga napiling sampol.

Ang kabuuang pagpili ay kinabibilangan ng mga mag-aaral na dalawampu (20). Ito ay galing sa dalawang seksyon ng General Academic Strand (GAS) sa seksyong A na apatnapu't lima (45), at seksyong B na apatnapu't apat (44).

Ang talahanayan 1 ay nagpapakita ng populasyon ng Baitang 11 na mag-aaral sa General Academic Strand. Ito ay nahati sa dalawang seksyon, ang A at B. Makikita sa ikatlong kolum ang sample size sa bawat seksyon.

Talahanayan 1. Populasyon ng Baitang 11 na mag-aaral sa General Academic Strand.

Seksyon	Populasyon	Sample Size
A	45	10
B	44	10
Kabuoan	89	20

Ang pokus ng pag-aaral na ito ay ang mga guro at kanilang mga estratehiya sa pagtuturo ng komprehensyon at kaugnayan nito sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Ang mga estratehiyang ito sa pagtuturo ay susuriin ng mga mag-aaral.

Ang mga kalahok ng pag-aaral ay tig-sampung respondente bawat seksyon at may dalawampung (20) mag-aaral ito sa kabuoan sa Baitang 11 sa academic track na General Academic Strand.

Instrumento ng Pangangalap ng Datos

Ang mananaliksik ay gumamit ng modified o binagong instrumento ng sarbey para sa pangangalap ng datos na mula kay Imarie S. Villalobos sa kanyang pag-aaral noong taong 2019. Para sa kwantitatibong pagsisiyasat, ginamit ang isang self-administered survey questionnaire. Ang talatanungan ay binubuo ng mga pitong pamantayan na may tiglimang katanungan sa ilalim nito. Kasama sa unang bahagi ng talatanungan ang antas ng estratehiya sa pagtuturo ng komprehensyon na tinasa ng mga mag-aaral tulad ng Pagsubaybay sa Komprehensyon, Metakognisyon, Mga Graphic at Semantic Organizers, Pagsagot ng Katanungan, Pagbuo ng mga Tanong, at Pagkilala ng Elemento ng Kuwento. Sinagot na mga respondente ang talatanungan sa pamamagitan ng pag-tsek sa katumbas na numero kung saan ito nabibilang na antas ng pagtuturo ng komprehensyon (Tingnan ang Apendiks C).

Kasama naman sa ikalawang bahagi ng talatanungan ang akademikong pagganap ng Baitang 11 na mag-aaral. Inilagay ng mga mag-aaral ang kanilang marka sa para sa Unang Semestre ng Taong Panuruan 2022-2023 sa asignaturang Filipino.

Kahusayan at Kabisaan ng Intrumento ng Pananaliksik

Binibigyang-diin ni Arslan (2022) ang pangangailangan para sa malinaw na kwalitatibo, mga pamantayan at teknik sa pananaliksik upang maitatag ang mga salik na ito. Samakatuwid, mayroong isang mahigpit na pangangailangan para sa mga mananaliksik upang mahawakan ang kahulugan at kahalagahan ng kabisaan (validity) at kahusayan (reliability) sa pananaliksik.

Ang bawat aytem sa instrumento ng pananaliksik ay sumailalim sa face and content validation sa ilalim ng pagsusuri ng tatlong hurado na itinuturing na dalubhasa sa larangan ng pag-aaral.



Pinatunayan nila ang instrumento gamit ang pamantayang itinakda nina Carter V. Good at Douglas E. Scates.

Para sa kahusayan ng instrumento, ayon kay Barry et al. (2020), ang instrumento ay sinasabing maaasahan kung ito ay may consistency, stability at dependability ng mga datos mula sa mga kalahok.

Ang instrumento ay may sampung katanungan na sinuri ang kalakip na talatanungan na ginamit ng mananaliksik sa mga respondente upang maipakita ang resulta nito (Tingnan ang Apendiks D.1).

Sa pagsusuri ng tatlong hurado, ang talatanungan ay napatunayang mabisa at mahusay na may apat punto walong daan tatlumpu't apat (4.834) na iskor (Tingnan ang Apendiks D.2).

Pamamaraan sa Pangangalap ng Datos

Para sa pagsasakatuparan ng pag-aaral ang mga sumusunod na pamamaraan ay ginamit:

Ang isang liham ng pahintulot sa Pandibisyon ng Tagapamanihala, upang magsagawa ng pananaliksik na kinuha mula sa opisina ng Dibisyon ng Lungsod ng La Carlota (Tingnan ang Apendiks A.3).

Ang isang liham ng pahintulot sa Kawaksing Pandibisyon ng Tagapamanihala, upang mangasiwa ng talatanungan ay kinuha mula sa opisina ng Dibisyon ng Lungsod ng Bacolod (Tingnan ang Apendiks B.1).

Ang isang liham ng pahintulot sa Superbisor ng Distrito 7 (Tingnan ang Apendiks B.2) at ang Principal ng Mataas na Paaralang Pambansa ng Sum-ag ay kinuha ng mananaliksik ang permiso sa pilot testing nito (Tingnan ang Apendiks B.3).

Kinuha ng mananaliksik ang mga talatanungan para sa mga mag-aaral at nagbigay ng sapat na kopya para sa pamamahagi. Upang

matiyak ang angkop at wastong pagsasakatuparan ng talatanungan, ipinaliwanag ng mananaliksik ang layunin ng pag-aaral sa mga respondente. Ang mga datos ay kinuha, itinabulate, inuri at sinuri upang masagot ang tiyak at wastong resulta sa suliranin ng pag-aaral na ito.

Naging matagumpay ang pagkuha ng mga datos sa pamamagitan ng sarbey sa mga mag-aaral. Ito ay naging daan upang masagot ang katanungan o suliranin ng pag-aaral na ito.

Pagsusuri ng mga Datos

Upang suriin ang mga nakalap na datos, ang angkop na mga pagsusulit sa estadistika ay ginamit ng mga mananaliksik:

Upang malaman ang mga estratehiya sa pagtuturo ng komprehensyon ng mga guro ng Baitang 11 sa Mataas na Paaralan ng Sum-ag- Senior High School na tinataya ng mga mag-aaral kapag pinagsama-sama ayon sa track katulad ng: Pagsubaybay sa Pag-unawa, Metakognisyon, Mga Graphic at Semantic Organizer, Pagsagot sa mga Tanong, Pagbuo ng mga Tanong, Pagkilala sa Elemento ng Kuwento at Pagbubuod.

Upang malaman ang antas ng estratehiya sa pagtuturo ng komprehensyon, ginamit ang mean bilang statistical tool. Ang sumusunod na mga pormula ang ginamit:

Mean:

$$\bar{x} = \frac{\sum fx}{n}$$

na nangangahulugang:

$\bar{x}$ - Mean of average

$\sum$ - represents the summation

x - represents scores

n - represents number of scores

Ang scale sa ibaba ay ginamit upang matukoy ang antas ng mga kasanayan sa pagtuturo ng komprehensyon.

Marka	Range	Antas ng Kasanayan
5	4.21 – 5.00	Napakataas
4	3.41 – 4.20	Mataas
3	2.61 – 3.40	Katamtaman
2	1.81 – 2.60	Mababa
1	1.0 – 1.80	Napakababa

Upang malaman ang antas ng akademikong pagganap sa komprehensyon ng mga mag-aaral sa academic track sa General Academic Strand (GAS), ginamit din ang mean.

Ang scale sa ibaba ay ginamit upang malaman ang antas ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

Scale	Interpretasyon
90.00 – 100.00	Pinakatatangi
85.00 – 89.00	Natatangi
80.00 – 84.00	Kasiya-siya
75.00 – 79.00	Hindi Kasiya-siya
Mababa sa 75.00	Kailangan ng pagpapabuti

Upang malaman ang makabuluhang pagkakaugnay antas ng mga estratehiya sa pagtuturo ng komprehensyon sa pagbasa at

akademikong pagganap ng mga mag-aaral kung kukunin bilang kabuoan at kung ipapangkat ayon sa pagsubaybay sa



komprehensyon, metakognisyon, mga graphic at semantic organizer, pagsagot ng katanungan, pagbuo ng mga tanong, at pagkilala ng elemento ng kuwento, ang Kruskal's Gamma (G) o Gamma Coefficient ay ginamit na statistical tool (Tingnan ang Apendiks F).

Ang pormula sa Goodman-Kruskal's Gamma (G) or Gamma Coefficient:

$$G = \frac{N_s - N_1}{N_s + N_1}$$

na nangangahulugang:

N_s = the no. of pairs ordered in the parallel direction

N_1 = the no. of pairs ordered in the opposite direction

G = the difference between the proportion of pairs ordered in the

parallel direction and the proportion of pairs ordered in opposite direction.

PAGLALAHAD AT PAGSUSURI NG MGA DATOS

Ang kabanatang ito ay naglalahad, nagsusuri at nagbibigay-kahulugan sa mga datos na nakalap. Ang mga datos ay nakaayos nang komprehensibo upang sagutin ang pahayag ng mga suliranin gamit ang angkop na mga kagamitang Estadistikal sa paggamit ng Statistical Package for the Social Sciences (SPSS) computer program. Ang pag-aaral na ito ay naglalayong malaman ang kaugnayan ng mga kasanayan sa pagtuturo ng komprehensyon at Akademikong Pagganap ng mga mag-aaral sa General Academic Strand (GAS).

Antas ng mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Komprehensyon

Ang talahanayan 2 ay naglalahad ng antas ng mga estratehiya ng mga guro sa pagtuturo ng komprehensyon o pag-unawa ng binabasa ayon sa pagtataya ng mga mag-aaral na kinabibilangan ng pagsubaybay sa komprehensyon, metakognisyon, mga graphic at semantic organizer, pagsagot sa mga tanong, pagbuo ng mga tanong, pagkilala sa estruktura ng kuwento at pagbubuo.

Talahanayan 2. Antas ng mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Komprehensyon.

Mga Estratehiya	Mean	Antas ng Kasanayan
GAS A		
Pagsubaybay ng Komprehensyon	3.90	Mataas
Metakognisyon	4.04	Mataas
Mga Graphic at Semantic Organizer	4.10	Mataas
Pagsagot ng mga Katanungan	4.30	Napakataas
Pagbuo ng mga Tanong	4.22	Napakataas
Pagkilala ng Estruktura ng Kuwento	4.10	Mataas
Pagbubuo	4.50	Napakataas
Subtotal	4.50	Napakataas
GAS B		
Pagsubaybay ng Komprehensyon	4.04	Mataas
Metakognisyon	4.22	Napakataas
Mga Graphic at Semantic Organizer	4.30	Napakataas
Pagsagot ng mga Katanungan	4.42	Napakataas
Pagbuo ng mga Tanong	4.42	Napakataas
Pagkilala ng Estruktura ng Kuwento	4.28	Napakataas
Pagbubuo	4.30	Napakataas
Subtotal	4.30	Napakataas
Kabuoang Mag- aaral		
Pagsubaybay ng Komprehensyon	3.97	Mataas
Metakognisyon	4.13	Mataas
Mga Graphic at Semantic Organizer	4.20	Napakataas
Pagsagot ng mga Katanungan	4.36	Napakataas
Pagbuo ng mga Tanong	4.32	Napakataas
Pagkilala ng Estruktura ng Kuwento	4.19	Mataas
Pagbubuo	4.40	Napakataas
Pangkahalatang Iskor	4.40	Napakataas

Ang talahanayan sa itaas ay nagpapakita ng antas ng mga estratehiya sa pagtuturo na pinangkat ayon sa seksyon sa academic track na General Academic Strand.

Ang antas ng mga estratehiya sa pagtuturo ng pag-unawa sa mga tuntunin ng Pagsubaybay ng Komprehensyon ay may mean na

tatlo punto siyamnapu (3.90) na may berbal na interpretasyon na mataas sa GAS A habang ang GAS B ay nakakuha ng mean na apat punto apat (4.04) na may berbal na interpretasyon na mataas.

Ang antas ng mga estratehiya sa pagtuturo ng pag-unawa sa mga tuntunin ng Metakognisyon ay may mean na apat punto apat



(4.04) na may berbal na interpretasyon na mataas sa GAS A habang ang GAS B ay nakakuha ng mean na apat punto dalawampu't dalawa (4.22) na may berbal na interpretasyon na napakataas.

Ang antas ng mga estratehiya sa pagtuturo ng pag-unawa sa mga tuntunin ng Mga Graphic at Semantic Organizer ay may mean na apat punto sampu (4.10) na may berbal na interpretasyon na mataas sa GAS A habang ang GAS B ay nakakuha ng mean na apat punto tatlumpu (4.30) na may berbal na interpretasyon na napakataas.

Ang antas ng mga estratehiya sa pagtuturo ng pag-unawa sa mga tuntunin ng Pagsagot ng mga Katanungan ay may mean na apat punto tatlumpu (4.30) na may berbal na interpretasyon na napakataas sa GAS A habang ang GAS B ay nakakuha ng mean na apat punto apatnapu't dalawa (4.42) na may berbal na interpretasyon na napakataas.

Ang antas ng mga estratehiya sa pagtuturo ng pag-unawa sa mga tuntunin ng Pagbuo ng mga Tanong ay nakakuha ng mean na apat punto dalawampu't dalawa (4.22) na may berbal na interpretasyon na napakataas sa GAS A habang ang GAS B ay nakakuha ng mean na apat punto apatnapu't dalawa (4.42) na may berbal na interpretasyon na napakataas.

Ang antas ng mga estratehiya sa pagtuturo ng pag-unawa sa mga tuntunin ng Pagkilala ng Estructura ng Kuwento ay may mean na apat punto sampu (4.10) na may berbal na interpretasyon na mataas sa GAS A habang ang GAS B ay nakakuha ng mean na apat punto dalawampu't walo (4.28) na may berbal na interpretasyon na napakataas.

Ang antas ng mga estratehiya sa pagtuturo ng pag-unawa sa mga tuntunin ng Pagbubuo ay may mean na apat punto limampu (4.50) na may berbal na interpretasyon na napakataas sa GAS A habang ang GAS B ay nakakuha ng mean na apat punto tatlumpu (4.30) na may berbal na interpretasyon na napakataas.

Sa kabuuan, ang kasanayan sa Pagsubaybay ng Komprehensyon ng GAS A at GAS B, kung kukunin ang kabuuang mean, ay may mean iskor na tatlo punto siyamnapu't pito (3.97) na may katumbas na berbal na interpretasyon na mataas. Samantalang sa kasanayan ng Metakognisyon ng GAS A at GAS B, kung kukunin ang kabuuang mean, ito'y may mean iskor na apat punto labintatlo (4.13) na may berbal na interpretasyon na mataas. Habang ang kasanayan sa Mga Graphic at Semantic Organizer ng GAS A at GAS B, kung kukunin ang kabuuang mean, ay may mean iskor na apat punto dalawampu (4.20) na may katumbas na berbal na interpretasyon na napakataas. Ang kasanayan sa Pagsagot ng mga Katanungan ng GAS A at GAS B, kung kukunin ang kabuuang mean, ay may mean iskor na apat punto tatlumpu't anim (4.36) na may katumbas na berbal na interpretasyon na napakataas. Samantalang sa kasanayan ng Pagbuo ng mga Tanong ng GAS A at GAS B, kung kukunin ang kabuuang mean, ay may mean iskor na apat punto tatlumpu't dalawa (4.32) na may

katumbas na berbal na interpretasyon na napakataas. Habang ang kasanayan sa Pagkilala ng Estructura ng Kuwento ng GAS A at GAS B, kung kukunin ang kabuuang mean, ay may mean iskor na apat punto labingsiyam (4.19) na may katumbas na berbal na interpretasyon na mataas. Sa estratehiya na Pagbubuo ng GAS A at GAS B, kung kukunin ang kabuuang mean, ay may mean iskor na apat punto apatnapu (4.40)) na may katumbas na berbal na interpretasyon na napakataas.

Kung kukunin ang kabuuang mean ng GAS A at GAS B ay may kabuuang mean na iskor na apat punto apatnapu (4.40) na may kabuuang berbal na interpretasyon na napakataas. Ipinahihiwatig nito na sa seksyon ng GAS, ang pagbubuo ang may pinakamataas na antas ng estratehiya ng komprehensyon na isinasagawa ng mga guro ayon sa katatagan ng mga mag-aaral.

Lumabas sa pag-aaral ni Torres (2019), ang mga salik na may kaugnayan sa mag-aaral tulad ng dating kaalaman, pag-unawa, at pagganyak o motibasyon kung mababa ay maaaring maging hadlang sa mga kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Inilunsad noong Enero 12, 2024, ang 'Catch-Up Fridays' ay isang mekanismo sa pag-aaral na nilalayon upang palakasin ang pundasyon, panlipunan, at iba pang nauugnay na mga kasanayang kinakailangan upang maisakatuparan ang mga layunin ng kurikulum ng batayang edukasyon. Ang programa, ayon sa DepEd, ay naglalayong palakasin ang mga pangunahing prayoridad sa edukasyon na nakasaad sa MATATAG Agenda at pabilisin ang pagkamit ng mga target sa edukasyon ng National Learning Recovery Program (NLRP). Sa pamamagitan ng inisyatiba, inaasahan ng DepEd na mapahuhusay ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa, kritikal na pag-iisip, pagsusuri, at pagsulat.

Sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga reading programs gaya ng Catch-Up Fridays ay nakatutulong upang mas matuto ang mga mag-aaral ng mga panibagong kasanayan na makatutulong sa kanila na mas maging mahusay na mambabasa. Ito rin ay nakatutulong upang mapaunlad ang kanilang kasanayan sa wika at kritikal na pag-iisip na kung saan ang mga mag-aaral ay nahihikayat na magbasa ng iba't ibang akda o teksto na magpalawak sa kanilang bokabularyo at paggamit ng wika, at mas natututo silang sumuri at magbigay ng kanilang sariling opinyon batay sa mga kaisipang kanilang natutuhan. At ang paglalapat ng iba't ibang pagdulog sa pagtuturo ay maaaring magpabuti sa interes at motibasyon ng mga mag-aaral na kung saan ito ay makatutulong upang mas ganahan silang lumahok sa iba't ibang gawain sa loob at labas ng paaralan. Bilang karagdagan, ito rin ay maaaring maging daan upang umunlad ang kanilang pananaw at karanasan at ito ay maaaring sa pamamagitan ng paghahatid ng mga teksto na naglalaman ng iba't ibang kultura, karanasan at iba pa at nang sa gayon ay maunawaan at mapahalagan nila ito.

Ito ay sinasang-ayunan ng teoryang kognitibo na kung saan sa pamamagitan ng mga interbensyon na ito ay makatutulong upang



magbigay-malay sa mga mag-aaral sa pagpoproseso sa mga impormasyong kanilang nakuha mula sa pagbabasa.

Ang pagtuturo sa pagsubaybay sa komprehensyon ay nagtuturo sa mga mag-aaral na: maging may kamalayan sa kanilang ginagawang maunawaan, matukoy ang hindi nila nauunawaan at

gumamit ng mga angkop na estratehiya upang malutas ang mga problema sa pag-unawa.

Antas ng Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral

Ang talahanayan 3 ay naglalahad ng antas ng akademikong pagganap sa komprehensyon ng mga mag-aaral sa academic track tulad ng General Academic Strand (GAS).

Talahanayan 3. Antas ng Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral

Antas ng Akademikong Pagganap	f	Mean	Interpretation
Pinakatatangi	14	90.75	Pinakatatangi
Natatangi	4		
Kasiya-siya	2		
Hndi kasiya-siya	0		
Kailangan ng Pagpapabuti	0		
Kabuoan	20		

Batay sa datos na nakalap, ang akademikong pagganap ng kabuoang mag-aaral na may bilang na dalawampu (20) ay mayroong labing-apat sa kanila ang pinakatatangi, apat sa natatangi, dalawa sa kasiya-siya habang wala namang bumubuo sa hindi kasiya-siya at kailangan ng pagpapabuti. Ito ay may mean iskor na siyamnapu punto pitompu't lima (90.75) at may berbal na interpretasyon na pinakatatangi.

Ayon kina Guinto at Carada (2023), ang pagpapalawak sa bokabularyo ay mahalaga upang lubos na mapaunlad ang pagkatuto ng mga mag-aaral sapagkat ang kakulangan sa kasanayan sa bokabularyo ay maaaring maging malaking hadlang sa pag-unawa sa pagbasa sa anumang teksto o akdang pampanitikan.

Paliwanag nina Almirol at Catoto (2022), ang mga guro ay gumanap ng isang mahalagang papel sa panahon ng kawalan ng katiyakan sa pagtulong sa kanilang mga mag-aaral na mapahusay ang kanilang mga kasanayan sa pagbabasa sa wika. Ito ay sa kabila ng matagumpay na resulta ng kanilang isinagawang pag-aaral upang bigyang solusyon ang mababang performans ng mga

mag-aaral sa pagbasa. Napatunayan sa pag-aaral na ito na binago ng programa sa pagbasa ang buhay ng mga mag-aaral. Nakita na ito ay isang epektibong diskarte batay sa iba't ibang mga aktibidad na ibinigay ng guro.

Ang resulta ay nangangahulugang ang mga mag-aaral ay talagang mahusay sa klase dahil sa ipinakita nilang kahusayan sa kanilang akademikong pagganap. Ito ay kadalasan nasusukat sa pamamagitan ng eksaminasyon at patuloy na pagtatasa sa loob ng klase. Dagdag pa rito, ang resulta ay nagpapakita na nakamit ng mga mag-aaral ang mga kakayahan at pamantayan na ipinanukala ng Kagawaran ng Edukasyon sa asignaturang Filipino.

Kaugnayan sa Pagitan ng mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Komprehensyon at Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral

Ang mga talahanayan 4 sa susunod na pahina ay nagpapakita ng relasyon sa pagitan ng mga kasanayan sa pagtuturo ng komprehensyon na tinasa ng mga mag-aaral ng General Academic Strand kaugnay ng kanilang akademikong pagganap sa pag-unawa.

Talahanayan 4. Antas ng mga Estratehiya ng Pagtuturo ng Komprehensyon ng Pagbasa Kaugnay ng Akademikong Pagganap.

Antas ng mga Estratehiya ng Pagtuturo ng Komprehensyon ng Pagbasa	Antas ng Akademikong Pagganap					Kabuoan
	Pinakatatangi	Natatangi	Kasiya-siya	Hindi kasiya-siya	Kailangan ng Pagpapabuti	
Napakataas	8	2	1	0	0	11
Mataas	6	0	0	0	0	6
Katamtaman	0	2	1	0	0	3
Mababa	0	0	0	0	0	0
Pinakamababa	0	0	0	0	0	0
Kabuoan	14	4	2	0	0	20

Computed value (G) = 0.375

P-value = 0.352

Decision = Accept Ho



Interpretation = Not significant at 0.05 level of significance

Sa antas na napakataas ng lahat na mga estratehiya mayroong walong pinakatatangi, dalawang natatangi at isang kasiya-siya sa kaugnay ng kanilang akademikong pagganap. Samantala, sa antas na mataas naman ng estratehiya sa pagtuturo ng komprehensyon, mayroong anim na mag-aaral ang nasa pinakatatanging antas kaugnay ng kanilang akademikong pagganap. Sa katamtamang antas ng estratehiya ay may dalawang natatangi at isang kasiya-siyang mag-aaral kaugnay ng kanilang akademikong pagganap. Sa kabuoan, mayroong labing-isang mag-aaral sa napakataas na antas ng estratehiya ng pagtuturo ng komprehensyon na kaugnay ng kanilang akademikong pagganap. Ito ang pinakamataas na bilang ng mag-aaral sa antas sa kabuoan. Mayroong anim na mag-aaral sa mataas na antas at tatlo naman sa katamtamang antas ng estratehiya ng pagtuturo ng komprehensyon na kaugnay ng kanilang akademikong pagganap. Mapapansing walang mag-aaral ang nakakuha ng mababa at pinakamababang antas ng estratehiya. Batay naman sa akademikong pagganap naman ng kabuoang mag-aaral na mayroong labing-apat sa kanila ang pinakatatangi, apat sa natatangi, dalawa sa kasiya-siya habang wala namang bumubuo sa hindi kasiya-siya at kailangan ng pagpapabuti.

Makikita rin na walang makabuluhang pagkakaugnay sa pagitan ng antas ng mga kasanayan sa pagtuturo ng komprehensyon sa pagbasa kaugnay ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa GAS. Ito ay may computed value na punto tatlong daan pitumpu't lima (0.375) at p-value na punto tatlong daan limampu't dalawa (0.352) na nangangahulugan na ang null hypothesis ay nabigong tanggihan, na napagpasyahang walang makabuluhang kaugnayan sa punto lima (0.05) sa antas na kabuluhan.

Ayon sa pag-aaral, ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral ay ang pangunahing elemento sa pagsusuri sa mga layuning pang-edukasyon para sa mga mag-aaral at guro (Bosco et al., 2023). Ito

ay tumutukoy sa natamong resulta ng isang mag-aaral na kanyang nakamit sa loob ng paaralan. Makikita at masasalamatin sa akademikong pagganap ng kabuoang mag-aaral ang kanilang layunin sa hinaharap. Sa pamamagitan nito, matutukoy kung ano ang programa ang kanilang kukunin sa kolehiyo, alin ang institusyon na pang-edukasyon ang kanilang maaaring pasukan, at kung ano ang mga oportunidad ang kanilang kukunin at iba pa (Kapur, 2018).

Ang mga kasanayang pangwika ay mahalaga sa pag-iisip ng mga tao, pag-unawa sa mga tao sa kanilang paligid, at pagpapahayag ng kanilang sarili. Ang mga kasanayan sa pagbasa, bukod sa iba pang mga kasanayang pangwika, ay gumaganap ng isang mahalagang gampanin sa pagbagay ng isang tao sa pang-araw-araw na buhay (Isik, 2023).

Sa larangan ng edukasyon ayon kay Berrin (2021), ang pag-akyat ng antas ng kasanayan sa pagbasa ay nagreresulta sa positibong epekto sa buong sistema ng edukasyon. Ang mga natamong resulta ay maaaring magsilbing inspirasyon para sa masusing pagpapalano at implementasyon ng mga programang pang-edukasyon, naglalayong mapaunlad ang kalidad ng pagtuturo sa mga paaralan.

Ipinahihiwatig nito na anuman ang estratehiya sa pagtuturo na isinagawa ng mga guro ay nagawa o natamo pa rin ng mga mag-aaral sa paaralan.

Antas ng mga Estratehiyang Pagsubaybay ng Komprehensyon Kaugnay ng Akademikong Pagganap

Ang talahanayan 5 sa susunod na pahina ay nagpapakita ng antas ng estratehiyang pagsubaybay ng komprehensyon at ang kaugnayan nito sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa General Academic Strand.

Talahanayan 5. Antas ng mga Estratehiyang Pagsubaybay ng Komprehensyon Kaugnay ng Akademikong Pagganap.

Antas ng Estratehiyang Pagsubaybay ng Komprehensyon	Antas ng Akademikong Pagganap					Kabuoan
	Pinakatatangi	Natatangi	Kasiya-siya	Hindi kasiya-siya	Kailangan ng Pagpapabuti	
Napakataas	4	1	0	0	0	5
Mataas	9	1	0	0	0	10
Katamtaman	1	2	2	0	0	5
Mababa	0	0	0	0	0	0
Pinakamababa	0	0	0	0	0	0
Kabuoan	14	4	2	0	0	20

Computed value (G) = 0.69

P-value = 0.042

Decision = Accept Ho

Interpretation = Not significant at 0.05 level of significance

Sa antas na napakataas ng antas na estratehiyang pagsubaybay ng komprehensyon, mayroong apat na pinakatatangi at isang natatangi kaugnay ng kanilang akademikong pagganap.

Samantala, sa antas na mataas naman ng estratehiya sa pagsubaybay ng komprehensyon, mayroong siyam na mag-aaral ang nasa pinakatatangi at isang natatangi kaugnay ng kanilang ng



akademikong pagganap. Sa katamtamang antas ng estratehiya ay may isang pinakatatangi, dalawang natatangi at dalawang kasiya-siyang mag-aaral kaugnay ng kanilang akademikong pagganap. Sa kabuoan, mayroong limang mag-aaral sa napakataas na antas ng estratehiya ng pagsubaybay ng komprehensyon na kaugnay ng kanilang akademikong pagganap. Mayroong sampung mag-aaral sa mataas na antas. Ito ang pinakamataas na bilang ng mag-aaral sa lahat ng antas sa kabuoan. Limang mag-aaral naman ang nakakuha ng katamtamang antas ng estratehiya ng pagsubaybay ng komprehensyon na kaugnay ng kanilang akademikong pagganap. Walang mag-aaral ang nakakuha ng mababa at pinakamababang antas sa kategorya ng pagsubaybay ng komprehensyon. Batay naman sa akademikong pagganap naman ng kabuoang mag-aaral na mayroong labing-apat sa kanila ang pinakatatangi, apat sa natatangi, dalawa sa kasiya-siya habang wala namang bumubuo sa hindi kasiya-siya at kailangan ng pagpapabuti.

Ang talahanayan ay nagpapakita na sa kanilang pagsubaybay ng komprehensyon ay may computed value na punto animnapu't

Talahanayan 6. Antas ng mga Estratehiyang Metakognisyon Kaugnay sa Akademikong Pagganap.

Antas ng Estratehiyang Metakognisyon	Antas ng Akademikong Pagganap					Kabuoan
	Pinakatatangi	Natatangi	Kasiya-siya	Hindi kasiya-siya	Kailangan ng Pagpapabuti	
Napakataas	6	2	0	0	0	8
Mataas	7	0	1	0	0	8
Katamtaman	1	2	1	0	0	4
Mababa	0	0	0	0	0	0
Pinakamababa	0	0	0	0	0	0
Kabuoan	14	4	2	0	0	20

Computed value (G) = 0.44

P-value = 0.198

Decision = Accept Ho

Interpretation = Not significant at 0.05 level of significance

Sa antas na napakataas ng estratehiyang metakognisyon, mayroong anim na pinakatatangi at dalawang natatangi kaugnay ng kanilang akademikong pagganap. Samantala, sa antas na mataas naman ng estratehiya sa metakognisyon, mayroong pitong mag-aaral ang nasa pinakatatangi at isang kasiya-siya kaugnay ng akademikong pagganap. Sa katamtamang antas ng estratehiya ay may isang pinakatatangi, dalawang natatangi at isang kasiya-siyang mag-aaral kaugnay ng kanilang akademikong pagganap. Sa kabuoan, mayroong walong mag-aaral sa napakataas na antas ng estratehiyang metakognisyon na kaugnay ng kanilang akademikong pagganap. Mayroon ding walong mag-aaral sa mataas na antas. May apat na mag-aaral naman ang nakakuha ng katamtamang antas ng estratehiya ng metakognisyon na kaugnay ng kanilang akademikong pagganap. Walang mag-aaral ang nakakuha ng mababa at pinakamababang antas na kaugnay ng kanilang akademikong pagganap sa kategoryang metakognisyon. Batay naman sa akademikong pagganap naman ng kabuoang

siyam (0.69) at p-value na punto apatnapu't dalawa (0.042) na nangangahulugan na ang null hypothesis ay nabigong tanggihan, na napagpasyahang walang makabuluhang kaugnayan sa punto lima (0.05) sa antas na kabuluhan.

Napatunayan ni Perez (2019) na sadyang mahinang bumasa at mababa ang komprehensyon ng kani-kanilang mga mag-aaral. Dagdag pa, maraming salik ang nagsasanhi ng mga bagay na ito. Ganito rin ang natuklasan ni Saraos (2021) sa kanyang pag-aaral. Napatunayan niyang maraming mag-aaral ang nahihirapang magbigay ng kahulugan sa tekstong binabasa lalo na kung gumagamit ang mga ito ng komplikadong mga termino.

Antas ng mga Estratehiyang Metakognisyon Kaugnay sa Akademikong Pagganap

Ang talahanayan 6 ay nagpapakita ng antas ng estratehiyang metakognisyon at ang kaugnayan nito sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa General Academic Strand.

mag-aaral na mayroong labing-apat sa kanila ang pinakatatangi, apat sa natatangi, dalawa sa kasiya-siya habang wala namang bumubuo sa hindi kasiya-siya at kailangan ng pagpapabuti.

